# I’m in love with a Broken-hearted Stranger
by stainless_pen ♥

**“Sorry Chade pero hindi ko na kaya. Selos na selos na ako sa babaeng yun. I need to have a space between us. Lalayo na ako sayo. Pakakawalan na kita. Sana sasaya ka na sa tabi niya.”**

Agad akong napahinto sa paglalakad dito sa hallway nang may narinig akong naguusap sa isang classroom. 30 minutes na ang nakalipas mula nung dismissal time kaya wala na masyadong students dito sa building. Lumapit ako sa may pintuan nung classroom at nilapat yung tenga ko sa door. Naririnig kong may nag-uusap na isang babae at isang lalake. Parang malungkot yung tono ng boses nila. Hindi ko masyadong maintindihan ang mga pinagsasasabi nila.

Mga 5 minutes akong mukhang shunga doon na pinakikinggan ang ‘heart breaking conversation’ nila kahit hindi masyadong klaro sa pagkakadinig ko nang biglang huminto ang paguusap nila.

Hanggang sa may narinig akong footsteps na papalapit sa door. Sobrang lapit na nang namalayan kong ganun parin ang posisyon ko.

Tatakbo na sana ako palayo. Tumalikod na ako nang biglang bumukas ang pinto. Ang lakas ng pagkakabukas to the point na natamaan ang likod ko. At dahil sa kaba, hindi ko na nakontrol ang katawan ko.

The next thing I knew, parang 1 inch nalang at mahahalikan ko na ang sahig ng hallway.

May lumabas na babae na halatang galing sa pag-iiyak dahil namamaga pa ang mga mata niya. Tinignan niya ako at bakas sa mukha niya ang pagkabigla. Hindi yung pagkabigla na lalabas sa mukha mo kung may nagawa kang hindi mo sinasadyang gawin kundi ang pagkabigla na may halong galit. Ewan ko kung kanino siya galit. Dun sa lalakeng kinausap niya kanina o sa akin?

Tinitigan niya lang ako sabay sabing **“Sorry”** atsaka tumakbo palayo.

Nilapat ko na yung mga kamay ko sa sahig at tumayo ako at hinarap yung pinto na nasa likod ko kanina. Hahawakan ko na sana yung doorknob nang may biglang nagtulak nito sa kabilang side kaya papunta naman sa akin yung pinto. This time, hindi na yung likod ko ang tinamaan ng pinto kundi yung maganda ko nang mukha! Kaya naman, natumba nanaman ako pero ngayon, yung likod ko na ang nasa sahig.

Ano ba to?! Crush ba ako ng pintong ito?! (=_=)

**“Liezel -------! ay pagong!”**

May lalaking lumabas dun sa classroom at saktong pagkalabas niya, nakaharang yung paa ko.

**“a---aaray---“** sabi ko habang nakapikit at hinihimas ang ulo ko. Ang sakit din ng likod ko. Ahuhuh! /(=o–=)\

**“a-ayyy s-sorry.”** nabigla ako nang sinabi nya yun kasi parang ang lapit ng boses niya. Dinilat ko yung isang mata ko pero laking gulat ko nalang dahil akala ko nakatayo pa siya. Oo, isang maling akala dahil pagdilat ko ng mata ko, pareho na pala kaming nakahiga sa sahig.…

… and he was on top of me.

GRABE. AWKWARD SITUATION.

(=.O) —> (O o O)

uwaaaaaaaaaaaa! bat ang gwapo nitong nilalang na toooo?!

biglang lumakas yung tibok ng puso ko. As in parang ‘tigidig tigidig tigidig! este tug tug tug tug tug 900000000x! Sana naman hindi niya naririnig kahit pilit kong pinapahinto ang pagka loud speaker nito.

Love at first sight na ba to?

Pano ba kasi? Ngayon lang ako nakakita ng ganito kagwapong mukha at sa pinaka unang pagkakataon pa naming magkita ay ka face-to-face ko na siya! Atsaka nagmukha pa akong kamatis sa harap ng mukha niya! Ang init init na ng mukha ko!

Pagkatapos ng 1 hour staring contest (de joke lang. 10 seconds lang yun). Gumulong siya papunta sa gilid ko at tumayo pero halatang-halata parin ang pagkagulat sa mukha niya.

He stretched out his hand para kunin ko para makatayo ako. Ayos! pagkatapos ng titigan holding hands agad?!

teka, ano ba tong pinagsasabi ko?!

Ang sakit-sakit pa ng likod ko pero pinaglalaruan ko na sa isip ko tong lalaking to.

Kinuha ko na yung kamay niya at inangat yung likod ko para makatayo pero nang maka-angat na ako ng konti, hindi ko kinaya. Ang sama talaga ng bagsak ko kanina. Nabitawan ko ang kamay niya at bumagsak ulit ako sa sahig.

**“argh! ang sakit!”** Ang sakit talaga ng likod ko.

**“ok ka lang ba?”**

lumapit siya sa akin at umupo sa gilid ko. Laking bigla ko nalang nang nilagay niya ang mga kamay niya sa likod ko at likod ng tuhod ko. Atsaka binuhat ako.

**“ah—a—e—w-wag na. Ok lang ako. Makakalakad naman ako. Pwede mo na kong ibab----”**

**“Wag nang mag-inarte. Dadalhin na kita sa clinic. Ang pula-pula mo na oh.”** sabi niya habang kinakarga ako ng princess style. At ngumiti siya saakin.

He’s smiling….

…while I’m melting.

OMO! Ang cuuuuute! plus his brown eyes pierced into mine! Ako na siguro ang pinakamasayang prinsesa sa dito sa mundong ibabaw! \(*o*)/

pero teka, ano daw? ang pula-pula ko na? Nangangasar ba tong lalakeng to?

**"p-pula? anong mapula? sumasakit lang yung ulo ko."** I lied with pahimas himas effect sa ulo ko. Ang hirap

magdrama sa gwapong to!

**“you know? you’re not good in lying.”** He smiled again. Bat ba ang hilig ngumisi ng taong ‘to? nakakainlab! agad naman akong napatigil sa paghihimas sa ulo ko at ngumiti nalang din sa kanya. Nakakahiya.

**“ahh—ehhh. he-he-he”**

**“Ang bigat ng liar na ‘to.”** he chuckled.

**“Sinabi ko naman sa ‘yong ibaba mo na ako diba? Makakalakad ako. Ang layo pa ng clinic. tsaka, I’m not a liar.”** Unti-unti nang gumagaan ang loob ko sa lalaking ‘to. Parang comportable na rin siyang makipag-usap sa akin.

Pwede ko na kaya siyang tanungin kung bakit umiiyak yung babaeng kinausap niya kanina? Ang alam ko nagbreak sila. Pero may karapatan na ba akong tanungin siya kung anong dahilan ng paghihiwalay nila?

This broken-hearted stranger is now in pain. Mas masakit pa siguro ang nararamdaman niya kaysa sa sakit na nararamdaman ko. Gusto ko siyang tulungan na gumaan ang loob niya mula doon sa paghiwalay nila. Gusto ko siyang maging kaibigan. Pero kaibigan na kaya ang turing niya sa akin ngayon? Ngayon lang kasi kami nagkita. At baka hanggang ngayong araw lang ito. Baka sa mga susunod na araw, isang istranghera nanaman ang turing niya sa akin.

**“Gusto mo ako pa ang magprove kung bakit tinatawag kitang liar?”** bigla akong napahiwalay sa thoughts ko nang nagsalita siya ulit.

**“huh?”**

**“Nakinig ka ba the whole time na naguusap kami doon sa loob?”**

**“ahh… hindi.”** hindi naman talaga eh. Nag-uusap na sila nung napahinto ako. Whole time na ba yun? Baka before ko silang narinig eh ang tagal na nilang naguusap doon.

**“alam mo ba ang dahilan kung bakit siya umiiyak nung lumabas siya?”**

**“h-hindi rin. Pero may hinala ako. N-nag break ba kayo?”**

**“Nahumaling ka ba sa kagwapuhan ko?”** nabigla ako sa tanong na yun. Manghuhula ba tong isang to? Bat napaka misteryoso niya?

Gwapo, Mabait, Gentleman. May magandang boses. Tsaka…….. Manghuhula?

**“t-t-teka. Sagutin mo naman yung tanong ko. Tsaka wag kang feeler. Hindi ako nahumaling sa kagwapuhan mo.”** Ayan. Baka nagmumukha naman akong kamatis dito habang kinakarga niya. Pero infairness, ang lakas-lakas niya ha. Tsaka ang gwapo. Ang totoo niyan, nahumaling talaga ako sa kanyang kagwapuhan.

**“There you go.”**

**“huh? anong there you go?”**

**“You’re a liar.”**

**“b-bakit?”**

**“Ang pula-pula mo kanina. Para ka nang kamatis na biglang pumutok. Tapos nabubulol ka pa ngayon. Tsaka may paarte-arte ka pang bumagsak. Yun pala gusto mo lang akong kargahin ka. Tsaka ----“**

**“o-o-oy! teka. Hindi ako umaarte ah! Totoong masakit ang likod ko. Pati yung ulo ko. Ee ikaw kasi bigla-bigla nalang bubuksan nang malakas yung pinto. Kaya ayan tuloy, pintuan yung naging first kiss ko.”** sabi ko sabay pout. Pacute effect lang. xD

**“haha! So you’re listening the whole time na nag-uusap kami sa loob.”**

**“pero ilang oras ba kayong nagusap? Mga 5 minutes lang naman ako doon ah.”**

**“Mga 5 minutes din.”**

**“ahhh. owkey. Edi whole thing yung narinig ko. Pero wag kang magalala. Hindi naman masyadong malinaw yung mga narinig ko. Tsaka hindi ko rin ikakalat. Secret ko nalang yun.”**

**“Salamat.”**

Dumating na kami sa clinic. Pinahiga niya muna ako sa bed doon. Kailangan ko daw ipakita ‘tong likod ko sa doktor. Medyo masakit parin pero sa totoo lang, unti-unti namang nawawala nung time na kinakausap niya ako.

Parang hindi ko na napapansin yung sakit dahil pilit niya akong pinapaconcentrate sa topic namin.

Sana gumaan din ng konti ang loob niya sa pagkakausap sa akin. I know heartaches will never disappear quickly but as time goes by, you'll meet people who will eagerly lessen this thing. At sana isa ako sa mga taong nakapagpagaan ng loob niya. Alam kong masakit parin ito ngayon pero sana matutulungan ko siyang pagaanin ang ganitong bagay sa paglipas ng araw.

Pero teka, bat nakakayanan parin nyang ngumiti sa kabila ng paghihiwalay nila ng girlfriend niya? Masaya ba siyang naghiwalay sila? Akala ko ba broken-hearted 'tong isang to?

**"salamat ah? Atsaka sorry. Nakaabala pa ako."**

he smiled **"okay lang. Thanks din sa time. Kahit papaano gumaan yung loob ko. Friends na tayo ha?"** sabi niya habang nakaupo doon sa chair sa gilid ng kama ko.

**"talaga? friends na tayo? yehey! may new friend ako sa araw na 'to!"** \(^o^)/

**"hahaha! Ang bata bata mong magsalita!"** he said while ruffling my hair.

**“p-pwede ba akong magtanong?”**

**“sure. Ano yun?”**

**“N-nagbreak talaga kayo ng girlfriend mo?”**

biglang nawala yung ngiti sa mukha niya. Patay. Bad atmosphere nanaman to.

**“Oo.”**

**“ahhh.. s-sorry.”**

**“hehe. Okay lang. Wag kang ring malungkot.”**

**“broken-hearted ka ba?”** nasabi ko bago ko pa man namalayan. Akala ko sa isip ko lang yun sinabi pero binulasot ko na pala sa bibig ko. Ano ba tong pinagsasabi ko? Naghiwalay nga diba? Sino bang hindi mabobroken-hearted sa paghihiwalay? Kahit yung isang kaibigan ko lang yung lumayo sa akin, ang lungkot lungkot ko na nun. Paano pa kaya kung ang isang taong mahal na mahal ko pa ang lumayo?

**“ay. Wag mo nang sagutin yun. Sorry. Di ko sinasady----“**

**“hahaha! Okay nga lang ee. Wag mo nang isipin yun.”**

**“Bat ngumingiti ka parin? Hindi ba masakit na nagbreak kayo ng girlfriend mo?”**

He sighed at umayos siya ng pagkakaupo. Nakaharap na siya ngayon sa bed ko. **“Sabi kasi ng parents ko, kung may problema man na dumating sa buhay, ngingiti parin. Hindi nakakatulong kung magkukulong ka lang doon sa isang sulok at iiyak. Mas lalala ang problema nun. Magkakasip-on ka pa sa kakaiyak. Tapos lalagnatin. Tapos ipapa-ospital. Tapos gagastos ng malaki. Oh diba? Mas lalaki ang problema. Kaya eto, kailangan nakangiti parin. Kailangan positive. Atsaka masaya narin kasi ako. May new friend din ako sa araw na ‘to.”** ngumiti naman siya sa akin. **“Atsaka ang pagiging broken-hearted, dadating talaga yan sa buhay. May taong mawawala. May taong dadating para pasayahin ka. Kung pinasaya ka man ng taong minahal mo, mas sasaya ka pa sa taong mamahalin mo. Dahil alam mo na kung anong gagawin. Gamitin mo yung mga lessons learned from the past.”**

**“Atsaka dun sa pagbreak namin kanina, sa totoo lang may part sa akin na masaya. Alam mo bakit?”**

kumunot ang noo ko pero nacu-curious talaga ako. Bakit siya masaya? **“bakit?”**

**“’cause I only see and love her *as a friend*. Nagsimula kasi yun sa isang biro. Best friends talaga kami nun. Kahit saan magkasama kami. Palagi kaming nagtatawanan. Until one day, she confessed to me. She said she sees me not only as a friend but also as a loved one. Nainlove daw siya sa akin. So ako naman itong si mr. palabiro at mr. tanga. Akala ko biro lang yun lahat. Kaya isang araw, nagjoke ako sa kanya na liligawan ko siya. At sa hindi ko malamang dahilan, sineryoso niya pala. Nakakatawa diba?”**

he paused for a while. **“Then I realized lumalim din yung pagtingin ko sa kanya. Naging totohanan na ang biro ko. Sineryoso namin yung relasyon namin. Hindi naman ako masyadong inlove sa kanya pero siya, patay na patay sa akin. Pero kinalaunan, bumalik yung pagtingin ko sa kanya. Na hanggang bestfriend lang pala talaga ang turing ko sa kanya.”**

**“At sa ibang banda, may nakita akong isang babae. Ang ganda ganda niya. Palagi ko siyang tinitignan at napag-alaman kong magkatabi lang pala kami ng classroom. Minamasdan ko siya nang hindi niya nalalaman. Para lang akong invisible. Minsan, kung madadaanan ko yung classroom nila, masusulyapan ko siya na busyng-busy**.” bigla naman akong nanghina sa sinabi niya. May crush pala siya. Gusto kong malaman kung sino yun. Nagseselos ako kahit wala naman akong karapatang magselos. **“Then I realize that my heart beats faster everytime I see her.”**

BOOM.

Bat ang sakit? Ako nanaman ang broken-hearted ngayon?

**“Tapos dumating yung araw na nalaman ng girlfriend ko na may lihim pala akong pagtingin dun sa babaeng yun. Ang sama ko palang boyfriend noh? Then we had a fight. Akala ko hanggang dun nalang talaga ang relasyon namin. Sinabihan ko kasi siya na gusto ko nang makipaghiwalay sa kanya dahil ayaw kong maging plastic sa mga nararamdaman ko pero gusto ko na magkaibigan parin kami. Ayaw niyang makipagbreak. Sabi niya we’ll just hold on at malalampasan din daw namin ‘tong problemang ‘to. Kaya nagpatuloy kami. Pero habang patagal nang patagal, lumalalim yung nararamdaman ko sa babaeng yun. Kaya sa araw na ‘to, sinabi niya sa akin ang lahat. Selos na selos na daw siya sa babaeng yun kahit hindi ko pa yun nakakausap. Hindi na daw niya kaya. Pakakawalan na daw niya ako. At lalayo na daw siya.”**

**“Alam mo bakit broken-hearted ako? Hindi dahil nabreak yung relasyon namin kundi pati yung pagkakaibigan namin nasira din. And now, we’re back to seeing each other as strangers.”**

Hindi ko na alam kung anong sasabihin ko. Parang maiiyak na parang ewan ang nararamdaman ko.

**“I-ilang months ba kayong magkarelasyon?”** ito nalang talaga ang maisip kong tanong. Kaysa naman putulin ko pa yung conversation namin.

**"Umabot kami ng 4 months…**

**… and this day is our 4th monthsary."** napansin kong may tumulong luha sa gilid ng mga mata niya. Yumuko siya kaya naman napabangon ako.

Wala na akong iba pang nagawa kundi yakapin siya. At niyakap niya din ako. **"wag kang magalala. Ako nalang ang papalit sa kanya bilang bestfriend mo."**

Lumayo siya at sinabing **"Hindi na ba masakit ang likod mo?"**

ngumiti lang ako at umiling-iling. Tsaka tinignan ang relo ko. **"Naku. uuwi na ako ha? Magagalit kasi si mama pagmatagal akong makauwi."**

**"ahh..sige. Hatid na kita?"**

nabigla ako sa tanong niya. **"ah. w-wag na. Makakaabala nanaman ako."**

Sa huli, naginsist parin siyang ihatid ako sa bahay kaya pumayag narin ako.

2 weeks na ang nakalipas mula nung first time kaming nagkita.

Madalas na kaming magkasama. Kahit nung nagpatingin ako sa doctor sinamahan niya rin ako. Madalas din kaming nagtetext. Kung anong pangalan niya sa phonebook ko? ***"broken-hearted stranger"*** wala kasi akong ibang malagay na pangalan eh. At sa tuwing magkasama kami, nakakalimutan kong itanong sa kanya ang totoo nyang pangalan. Kahit hindi namin alam ang pangalan ng isa't isa, magaan parin ang loob namin na makipagusap.

Nagaasaran pa nga kami.

**flashback**

**“Dun tayo oh. Gusto mo bilhan kita ng ice cream?”**

nandito kami ngayon sa park. Gusto niya kasing lumabas kaya sinamahan ko. Ang boring din kasi sa bahay dahil mag-isa lang ako. Walang magawa. At nasa trabaho ang parents ko.

**“talaga? ililibre mo ko?”**

**“yup! halika.”** sabi niya sabay hatak ng kamay ko.

**“manong, dalawang ube flavor.”**

**“b-bat mo alam ang favorite flavor ko?”**

**“secret— ay wala. hula ko lang.”** hula? manghuhula ba talaga tong isang to?

**"oh eto."** tsaka binigay niya saakin yung ice cream.

**"yehey! thank you! pero teka, bat mo ako nilibre ng ice cream? hmmmm… siguro….. may crush ka sakin noh??? tsaka kung magte-text ka may pa heart-heart ka pang nalalaman! tapos gusto mo pang samahan kita ngayon! Ano to? Date? ayeee! Crush niya ako!"** ang sarap asarin! MWAHAHA!

**"eh bat mo tinatanong? gusto mo akong magkaroon ng pagkacrush sayo? Siguro ikaw may crush sa akin noh????"**

**"oy! wala noh! baka ikaw! May palibre libre ka pa nga ng ice cream oh. Ayeee! Ang sweet mo naman!"** pang-aasar ko sabay tulak ng ice cream papunta sa mukha niya. Ilalapit ko lang sana sa mukha nya pero aksidenteng napunta sa ilong niya yung maliit na kapiraso ng ice cream. Kaya ngayon, nagmukha na siyang clown.

**"ayy. s-sorry."** sabi ko habang pilit na pinipigilan ang sarili ko sa pagtawa.

pinunasan niya naman kaagad. **"tumahimik ka nga. wag nang feeler. Tara dun naman tayo."**

**end of flashback**

Simula nun, may tawagan na kami. ***"CRUSH"***. pero biro lang na tawagan. Kung para sa akin ay hindi biro, sa kanya siguro, isang malaking joke-joke lang ang pagtatawagan namin. Pero ok na ako dun! Ang sweet sweet niya naman.

Pinalitan ko na rin ang pangalan niya sa cellphone ko ng "crush".

Until one day, I realized that I have fallen in love with this guy. Hindi na crush. Love ko na to.

Ang bait niya kasi. Ang gwapo, matalino, gentleman, mapagmahal, masayahin at higit sa lahat, palaging positibo. Hindi niya ako hinahayaang maging malungkot. Palagi niya akong pinapasaya.

**calling…*

*"CRUSH"**

napangiti ako nang biglang bumungad ito sa cellphone ko. Agad ko namang sinagot.

**“hello?”**

**“hi crush! vacant ka ngayon?”**

**“yup. bakit crush?”**

**“pasyal tayo crush.”**

**“saan crush?”**

**“sa park. Susunduin kita crush ah?”**

**“ok crush! Magbibihis muna ako.”**

**“Nasa labas na ako ng gate niyo crush.”**

**“ha? bat ang bilis naman crush! kanina ka pa dyan?”**

**“hindi. ngayon lang crush. Sige na. Magbihis ka na para magmukha ka nang tao. Eh hindi! joke lang crush! HAHAH! wag magalit!”**

Agad ko nang binaba ang phone at nagmadali na akong nagbihis. Syempre naglagay din ako ng konting pampaganda para hindi ako magmukhang tao sa harap niya. Magmumukha na akong dyosa. (eh di joke lang. Syempre tao parin. Pero maganda. hahaha!)

Wala pang 15 minutes at dumating na kami sa park. Wala masyadong tao.

**“Crush, gusto mo ice cream?”**

**“oh sure!”** hindi naman ako makakahindi kapag ice cream na ang pinag-uusapan eh. Adik na adik ako nun.

**“eto crush oh. Wag mo nang ihilamos yan sa mukha ko ah?”**

**“ahihi. Ok crush!”** sabi ko with matching thumbs up pa.

Naglakad-lakad pa kami sa park at nung napagod na kami sa paglalakad, nagpahinga muna kami dun sa ilalim ng isang malaking puno.

**“haayyy. nakakapagod maglakad.”** sabi niya tapos humiga doon sa shaded part ng puno. Tumabi naman ako sa kanya pero umupo lang ako.

**“Humiga ka. Ang ganda ng mga dahon oh.”**

sinunod ko naman siya at humiga ako sa tabi niya. Agad namang bumilis ang tibok ng puso ko. Naalala ko kasi yung una kaming nagkita.Yung aksidente kong naharang ang paa nya at natumba siya sa akin. Nakahiga din kami sa sahig ng hallway.

Agad naman akong namula. Kaya tinakpan ko nalang ng buhok ko ang mukha ko at tumagilid ako towards the opposite side para hindi niya makita yung namumula at kinikilig kong mukha. Bat niya kasi ako pinahiga? Ayan tuloy. naalala ko yung aksidente-slash-friendship day na yun.

**“Napano ka crush? Bat ka dyan humarap?”**

ee kasi kinikilig ako sa’yo! “**Bakit crush? Masama bang humarap dito?”**

**“Dito ka humarap crush. May sasabihin ako.”**

nabigla ako nang sinabi niya yun. Anong sasabihin niya? Aalis ba siya? May sakit ba siya? Crush niya talaga ako? Magpapakamatay ba siya…… pag nawala ako? (>///<)

Huy Hailley! Umayos ka! Sabi ko sa isip ko.

Humarap muna ako sa mga dahon. Hindi ko kayang ipakita ‘tong pagmumukha kong kinikilig sa kanya.

**“Hailley…”**

O______O

teka….

Pangalan ko yun ah?

kilala niya ako?

**“Hailley…”**

**“Hailley, crush nandito pa ako.”**

tulalang tulala parin ako. Dahan-dahan naman akong lumingon sa kanya. At bumungad sa akin ang pinakamakinang niyang mga ngipin. Kung maka-smile naman ‘tong isang to ang init! Natutunaw ako!

**“K-k-k-kilala mo ako?”**

**“Syempre. ikaw yung crush ko.”**

**“I-I mean, a-alam mo ang pangalan ko?”** bahala nang nagmumukha na akong tanga sa harap niya.

**“Hi Hailley! I’m Chade. Nice to meet you!”** (^.^)|

teka! naguguluhan-slash-kinikilig ako!

**“Chade?”**

**“heeyup!”** he said with his most bright face.

Chade pala ang pangalan niya. Ngayon ko lang talaga nalaman ang totoo niyang pangalan. Ano ba to? Pati ba pangalan ang gwapo gwapo din?!

Tama nga pala. Diba may sasabihin siya sa akin?

**“Cru—este Chade…”** naninibago pa ako sa pagtawag ng pangalan niya.

**“Hmm?”**

**“a-ano nga pala yung gusto mong s-sabihin?”**

**“ahh…”** biglang sumeryoso ang mukha niya. Kinabahan tuloy ako. **“Humarap ka dito.”** agad naman akong humarap sa kanya.

**“Naalala mo pa ba yung kinwento ko sa ‘yo?”**

**“saan dun?”**

**“Yung una tayong nagtagpo. Yung naghiwalay kami ng dati kong girlfriend.”**

Bigla namang nagflash back sa isip ko ang lahat ng nangyari nun.

**“Yung tungkol sa paghihiwalay niyo? Yung tungkol sa problema? Yung kailangang ngumiti lang kahit may problema?”**

**“Exactly.”**

**“Eh ano yun?**

**“Diba naaalala mo pa yung dahilan ng paghihiwalay namin?”**

**“Yung babaeng crush na crush mo? Yung dahil sa kanya, nagselos yung girlfriend mo na patay na patay sa’yo?”**

he chuckled. **“tandang tanda mo pa pala.”**

wala na akong masabi. Ngumiti nalang ako.

**“Kilala mo ba yung babaeng nagpatibok ng puso ko?”**

**“Hindi.”** Sana ako yun. (di joke lang HAHA!)

**“Pwes, ipapakilala ko siya sa’yo.”**

Ang lakas ng heartbeat ko. Parang sobra pa sa loud speaker!

**“Ngayon na?”**

**“Ayaw mo pa ba?”**

**“d-depende sa’yo. Nandito ba siya ngayon? Inimbita mo siyang pumunta dito sa park?”**

**“Oo.”**

**“N-nasaan siya?”**

***“Nasa tabi ko.”***

agad ko namang tinignan kung sinong nasa likod niya. Wala naman siyang katabi ah?

**“Tayo lang naman ang nandito ah? Wala ka namang katabi.”**

**“Hindi ba tayo magkatabi ngayon?”**

Napalunok ako nang hindi oras. Isang joke ba to? tatawa na ba ako?

**“a-anong ibig mong sabihin?”**

Ang seryoso ng mukha niya. With his chocolate brown eyes piercing into mine.

**“Ikaw yung tinutukoy kong babae….**

**Yung babaeng napakaganda…**

**Yung babaeng pinapasaya ako…**

**Yung babaeng palagi kong minamasdan…**

**Yung babaeng nagpatibok ng puso ko.”**

Hindi ko namalayang may tumulo na palang luha mula sa mata ko.

Ano ba tong nararamdaman ko ngayon? Bat ang saya saya ko? Totoo ba talaga to? Ako pala yung babaeng tinutukoy niya? Bat noon pa lang hindi ko na napansin ang gwapong ito?

**“p-pero ibig sabihin… a-ako ang dahilan ng pagbreak ninyo?”**

Napatawa siya habang umiiling-iling.

**“Diba sabi ko wag mo nang isipin yun? Tapos na yun. Tapos na ang mala-biro naming istorya ng bestfriend ko. Ang mahalaga, nasabi ko na sa totoong mahal ko ang nararamdaman ko. At ikaw yun. Ikaw si Hailley Ramirez na totoo kong minamahal.”**

Without saying a word, I hugged him.

**"Ngayon hindi na 'crush' ang tawag ko sa yo. Diba love?"**

Napatawa ako habang yakap-yakap niya. Wala akong masabi. Sobrang speechless. Ewan ko kung nabigla lang ba ako sa mga pangyayari. Pero sa totoo lang, mahal na mahal ko rin 'tong Chade na 'to eh.

**After all, I don't see him as a *broken-hearted stranger*. He's my *one true love.***

**"Love, thank you for repairing those broken pieces of my heart. I promise I'll never break your heart till forever. I love you Hailley."**

**"I love you too Chade."**

**~THE END ♥**

Thanks for reading! Vote and comment if you want. :)